# Mga Tagubilin para sa Pagkumpleto ng Kahilingan ng Tumatanggap ng IHSS para sa Pagtatalaga ng Mga Awtorisadong Oras sa mga Tagabigay ng Serbisyo (SOC 838)

## Mga Tumatanggap ng IHSS

1. Mangyaring magtalaga ng mga oras sa inyong (mga) tagabigay ng serbisyo para ang itinalagang mga oras sa lahat ng inyong tagabigay ng serbisyo ay tumugma **MISMO** sa kabuuang awtorisadong oras buwan-buwan na inalaan sa inyo.
2. Pakikumpleto ang (mga) SOC 838 form para sa **BAWAT** "Aktibong" tagabigay ng serbisyo.
3. Mayroong dalawang paraan para magtalaga ng mga oras sa inyong (mga) tagabigay ng serbisyo:

   ***a.*** Maaari ninyong italaga ang lahat ng inyong awtorisadong oras/minuto sa bawat tagabigay ng serbisyo. Pahihintulutan kayo nitong iba-ibahin buwan-buwan ang mga oras ng pagtatrabaho ng bawat tagabigay ng serbisyo, nang hindi inaabisuhan ang county. ***Kayo ang may pananagutan sa pamamahala ng mga oras na tinatrabaho ng mga tagabigay ng serbisyo para matiyak na hindi lalampas sa inyong kabuuang awtorisadong oras buwan-buwan ang kabuuang oras ng lahat ng inyong tagbigay ng serbisyo.***

**Halimbawa A**
Nagtalaga sa inyo ng 100:00 oras. Mayroon kayong dalawang tagabigay ng serbisyo, sina Jane at John. Kumpletuhin ang dalawang magkahiwalay na SOC 838 form para kina Jane at John: (1) Ilagay ang 100:00 oras sa SOC 838 ni Jane at (2) Ilagay ang 100:00 oras sa SOC 838 ni John.

**O KAYA**

   ***b.*** Maaari kayong magtalaga ng partikular na bilang ng oras sa bawat tagabigay ng serbisyo, at kapag pinagsama, tutugma ito mismo sa inyong kabuuang awtorisadong oras/minuto bawat buwan.

**Halimbawa B**
Nagtalaga sa inyo ng 100:00 oras. Mayroon kayong dalawang tagabigay ng serbisyo, sina Jane at John.
Maaari kayong magtalaga ng 30:00 oras kay Jane at 70:00 oras kay John.
Kumpletuhin ang dalawang magkahiwalay na SOC 838 form para kina Jane at John. (1) Ilagay ang 30:00 oras sa SOC 838 ni Jane at (2) Ilagay ang 70:00 oras sa SOC 838 ni John.

4. Sa seksyong "GAGAMITIN LAMANG NG COUNTY (COUNTY USE ONLY)," pakisaad ang Epektibong Petsa ng itinalagang oras buwan-buwan.
5. Pakibalik ang (mga) nakumpletong SOC 838 form kasama ang nakalakip na packet.

6. Maaari kayong humiling ng karagdagang SOC 838 form sa pamamagitan ng pagtawag sa Linya ng Payroll sa 510-577-1877, pag-download mula sa website o personal na pagkuha ng mga form sa opisina ng IHSS.
7. Kung kailangan ninyong kumuha at magpatala ng bagong tagabigay ng serbisyo, maaari kayong humiling ng bagong Packet para sa Pagpapatala ng Tagabigay ng Serbisyo (Provider Enrollment Packet) sa pamamagitan ng pagtawag sa Linya ng Payroll sa 510-577-1877, pag-download sa packet mula sa website o personal na pagkuha ng packet para sa pagpapatala (enrollment packet) sa opisina ng IHSS.

Para sa karagdagang tulong, pakitawagan ang Departamento ng Payroll ng IHSS sa 510-577-1877. Salamat.